

IMINULAT NI JUAN KANYA ANG MGA MATA

PAANO PROTEKTAHAN ANG IYONG SARILI MULA SA MGA PESTICIDE



Nilalaman: Amy K. Liebman, Salvador Sáenz, Antonio Marín, Maribel Trejo, J. Antonio Tovar-Aguilar at
Joseph G. Grzywacz

Sining at Disenyo: Salvador Sáenz, Art Assistant: Uriel Sáenz, 2019

Bagong araw na naman, at ang mga manggagawa ay nagbahanda na para sa araw na darating. Ang iba ay tila walang alam sa susunod na mangyayari...

Teka, bakit ang dami mong damit?



Pinoprotektahan ko lang ang sarili ko kasi dito sa bukid, halos sa lahat ng bagay may gamit na pestisidyo at nasa kahit saan lang.

...Ang una nating responsibilidad ay ang malaman kung paano aalagaan ang ating mga sarili. Dapat gawin mo rin 'yan, Juan.



Nasa paligid lang ang pestisidyo kung saan tayo nagtatrabaho, kaya kailangan nating mag-iingat.








Pagtangay ng pestisidyo sa hangin o simoy





Ano ang susunod na mangyayari?
Makakapagtrabaho ka ba habang
may sakit ka?
Paano maghahanapbuhay ang
pamilya mo?




Para manatiling malusog,
kailangan nating ingatan
ang sarili natin at ipakita
kung gaano natin ito
kamahal, Juan.



Kung ano man ang
mangyari sa iyo,
mangyayari rin ito sa
pamilya mo.

Naku! Napaisip mo ako...
Tama ka. Ngayong malusog
na ako, saka ko naman
kailangang ingatan ang sarili
ko, para sa kapakanan ng
pamilya ko.



Mga epekto sa mga bata:

Maaaring magkaroon sila ng mga problema sa atensyon, paglaki, at pag-unlad, at maaari rin silang magkaroon ng hika at kanser.



Nasabihan na kami noong pagsasanay na ang mga pestisidyo ay pumapasok sa katawan sa pamamagitan ng balat, mata, bibig, ilong, at ari.

Mata

Ilong

Bibig

Balat

Mga ari

Para maprotektahan ang ating sarili sa trabaho, dapat tayong laging magsuot ng:

Sumbrero o cap

Bandana,
panyo, o scarf


Mahabang
manggas

Mga guwantes

Mahabang
Pantalon

Mga sapatos
na sarado ang
unahan

Gayundin, dapat mong hugasan ang iyong mga kamay bago:



Paggamit ng banyo

Paninigarilyo



Paghawak sa iyong mga mata o bibig.



Pagkain



Para sa ating sariling kalusugan at kaligtasan—at lalo na ng ating pamilya—dapat nating:

Hubarin muna natin ang ating mga damit at sapatos bago pumasok sa bahay.




Ihiwalay
ang damit
pangtrabaho.



Hugasan ang
mga ito nang
hiwalay.



Maligo muna bago batiin o hawakan ang isang tao.




Magagawa natin ang lahat ng
ito, pero wala kaya tayong
magiging problema sa mga
may-ari?



Wala. Ayon sa batas, may karapatan kang maging protektado, at ang mga employer ay inaatasan ng Worker Protection Standard (WPS) na protektahan ang mga manggagawa mula sa mga pestisidyo.



Kung napapaligiran tayo ng mga pestisidyo at tayo ay malusog, iyon ay dahil ginagawa ng bawat isa sa atin ang ating bahagi.



Mga kasama, nakataya ang ating kalusugan. Maaaring makasama sa atin ang mga pestisidyo, ngunit may karapatan tayong ingatan ang ating sarili at protektahan ang ating kalusugan. Kung hindi mo ito gagawin, walang ibang gagawa nito para sa iyo.



Kung may mga tanong ka, pakisuyong magtanong. Para ito sa iyang kapakanan at kalusugan.



Farmworker Association of Florida
La Asociación Campesina de Florida
Asosiyasyon Travayê Latô nan Florid

MIGRANT CLINICIANS NETWORK



Ang materyal na ito ay binuo sa tulong ng gawad mula sa The National Institute for Occupational Safety and Health (U54-OH011230).